

1

Bagsak ang balikat ni Doreen nang lumabas siya mula sa opisina ng *Western Union*, sa branch nito sa Central Park South, New York City. Kapapadala lamang niya ng pera para sa kanyang mga pamangkin. Another \$300, bukod pa sa sustento niyang \$600 kada buwan.

Tumawag sila kanina sa kanyang cellphone at sinabing may additional expenses para sa graduation ng dalawang panganay na anak ng kanyang Kuya Ben. Si Tina, graduating mula high school, at si Ben Jr., graduating naman mula sa grade six.

At dahil walang ibang matatakbuhan, siya na naman ang naglabas ng pera. Sinipa ni Doreen ang isang lata sa sidewalk sa sobrang inis. Bumuntong-hininga siya para pakalmahin ang sarili pero hindi nito naibsan ang bigat sa dibdib niya. Halos hindi na niya namalayan ang hampas ng malamig na hanging Marso dahil sa init ng kanyang ulo.

“Anak kasi nang anak, pero hindi naman pala kayang suportahan,” maktol niya habang naglalakad. So here she was at twenty-six, the breadwinner for her mom, two older brothers and their respective

families with a total of seven children.

Kumililing ang kanyang cellphone. Tumatawag si Lucille, ang kanyang bestfriend. Tumabi siya sa isang gilid para hindi masagi ng mga nagmamadaling New Yorkers. Hindi pa man siya nakaka-‘Hello’, nagsasalita na ang boses sa kabilang linya.

“Hey, Doreen, nasaan ka ba? Akala ko day-off mo ngayon at sasama ka sa amin ni Greg na manood ng *Broadway* play. Let’s meet each other at the theater, tatal nasa city ka na ngayon.”

Napasimangot siya. “Lucille, hindi ako makakasama. Wala akong pera.”

“What!” gulat na pahayag nito. “Don’t tell me pinadalhan mo na naman ang mga linta sa Pilipinas?” inis nitong dugtong.

Plastic man kung iisipin dahil inis din siya sa pamilya kanina, but she could not help being defensive. “Best friend naman, alam mong wala silang ibang tatakbuhan kundi ako. Hindi naman nakatapos ang mga kuya ko. Ano na lang ba’ng kinikita nila sa lupang iniwan ng tatay ko?”

“I understand that completely, Doreen. I was in your shoes before,” sagot ng nasa kabilang linya sa perpektong American twang. “Pero kailangan mo

ring magtipid para sa sarili mo. Nagsisisi na nga ako't binigyan kita ng cellphone. Mas madali ka tuloy nilang ma-contact. You should also enjoy the fruits of your labor. I hope naa-appreciate nila iyan sa Pilipinas.”

Wala na siyang masabing iba kundi, “Sana nga.”

“Sige na, sumama ka na. Ako na'ng taya.”

Umiling siya, kahit hindi siya nito nakikita. Sa dami ng tulong ni Lucille sa kanya, nakakahiya kung magpalibre siya rito. “Hindi na. Dederecho na lang ako sa apartment para makapahinga. Pagamit na lang ng computer so I can check my emails, ha. Doon na lang tayo magkita mamaya,” pagtatapos niya.

Naglakad si Doreen patungo sa direksyon ng pinakamalapit na subway station. Tuwing Sabado at Linggo, nakikitira siya sa apartment ni Lucille at ng asawa nito sa Queens. Iyon ang mga araw ng kanyang precious day-off.

Tuwing weekday, isa siyang stay-in nanny ng tatlong bata sa isang magarang condo unit sa Park Avenue. Sino ba ang mag-aakala na ang isang accountant na tulad niya ay mauwing yaya? Pero wala siyang ibang choice kundi kumapit sa patalim

dahil sa hirap ng buhay sa Pilipinas.

Lumaki siya sa bukid sa Santo Cristobal sa Batangas. Ang kanyang ama ay magsasaka, inaararo ang lupang minana nito sa magulang at ang kanyang nanaynaman ay isang public school teacher. Sa tatlong magkakapatid, siya ang bukod-tanging nakatapos ng kolehiyo. Dahil sadyang matalino, nakakuha siya ng full scholarship sa *Unibersidad ng Pilipinas* sa ilalim ng College of Business Administration. At doon nagkrus ang landas nila ni Lucille Sandoval.

Ang buong akala niya, makakaraos sila sa kahirapan pagkakuha niya ng kanyang diploma. Pero kakarampot lang ang suweldo niya sa isang multi-national accounting firm na napasukan matapos ang graduation. Salat para sa mga pangangailangan ng kanyang buong pamilya. Oo nga at hindi niya obligasyon ang mga ito, pero hinding-hindi kakayanin ng konsyensya niya na tulikuran sila.

Tatlong taon ang lumipas nang ipadala siya ng kumpanya sa Amerika para sa isang seminar. Pagdating doon, hindi na siya nagdalawang-isip na makipagsapalaran. Pinalad siya at nabigyan ng single entry tourist visa. Iyon nga lang, anim na buwan lamang siyang legal sa bansa at hindi pa puwedeng magtrabaho.

Pero sa tulong ng mga kakilalang Pinoy ni Lucille, ang iba ay TNT o tago-nang-tago, nakahanap siya ng puwesto sa Manhattan. Isang trabahong binansagang under-the-table, dahil hindi na kinikilatis ang papeles.

Mula rito, kumikita siya ng \$300 kada linggo o \$1,200 sa isang buwan. Malaki kung titignan, pero ang mga yayang may papeles ay madaling nakakatanggap ng triple pa ng kinikita niya. Kalahati ng kanyang sweldo ay napupunta sa pamilya. Ang natitira ay para sa kanyang personal expenses.

Dalawang daan mula rito ay ipinambabayad niya kay Lucille bilang renta. Ayaw sana nitong kunin ang pera niya, pero nagpumilit siya. Hindi niya kakayaning makitira roon nang libre. Nakakahiya. Mayroon pa rin naman siyang pride sa sarili, kahit ba nag-eeskoba siya ng mga banyo sa kasalukuyang propesyon.

Ang isang daan ay gastos para sa transportasyon. Ang natitirang tatlong daan ang allowance niya sa sarili. Mukhang malaki dahil halos 15,000 ito sa pesos. Pero kulang na kulang pa ang perang ito sa mga pangangailangan niya. Dolyar din ang ginagastos niya roon. At pilit din siyang nagtitipid ng isang daan kada buwan mula rito para makaipon.

Napabuntong-hininga si Doreen. Just count your blessings, paalala niya sa sarili habang hinihigpitan ang balabal sa leeg.

Masama man ang loob niya, mas mabuti na rin ang ganitong sitwasyon. Sa Pilipinas, ubos lahat ang kanyang sweldo. Walang ipon-ipon. Salat pa siya sa pagkain. At least ngayon, nakakain niya ang pagkain sa bahay ng amo, kahit na ba pawang mga tinapay at salad iyon. Minsan, binibigyan din siya ng mga luma nitong damit. Ano pa ba ang hihilingin niya?

Subalit kahit anong peptalk niya sa sarili, hindi maibsan ang bigat ng kanyang dibdib. Matagal-tagal na rin siyang nangangarap makapaglamyerda na para talagang isang turista sa Big Apple. Pero ngayong heto na ang pagkakataon dahil may kaunting extra na pera mula sa pagtitipid ng kanyang transpo allowance, nauwi na naman sa pamilya niya ang lahat.

What a fantastic way to start my weekend, sarkastikong pahayag niya sa isipan. Lulugo-lugo siyang pumasok sa loob ng subway station para sumakay ng tren pauwi.

Halos mapadausdos si Doreen sa biglaang

pagtigil ng tren. Bigla siyang napakapit sa isang metal na poste. Hindi naman reckless ang driver, subalit dahil malalim ang kanyang iniisip, hindi niya namalayan ang paghinto nito sa isang subway stop para kumuha ng mga pasahero.

Tumabi si Doreen sa bandang gilid para bigyang-daan ang ibang gustong makapasok sa loob at umupo. Hindi naman puno ang tren dahil Sabado at hindi rush hour, pero mas pinili niyang tumayo malapit sa pinto.

Lumipad muli ang utak niya sa kanyang problema. Kung sana ay makahanap siya ng accounting job, disinsana ay mas malaki ang kikitain niya. Mas makakatulong pa siya sa kanyang pamilya.

Biglang umasim ang sikmura niya. Mayroon pa pala siyang mas malaking problema. In one month, mag-e-expire na ang visa niya at tuluyan siyang magiging illegal. Iniisip pa lang niyang magiging TNT siya, bumibilis ang pintig ng kanyang pulso at parang gustong maging yelo ng kanyang dugo.

All her life, she followed all rules. If she ends up overstaying, she will be forced to live a life in perpetual fear. Tago nang tago mula sa mga awtoridad dahil baka makulong siya sa illegal na estado. Baka rin ma-deport siya at pasakayin nang

naka-handcuff sa eroplano.

Inboluntaryong nanginig ang kanyang katawan kahit na ba mainit ang heater sa tren. Nakadama siya ng kung anong kiliti sa tagiliran pero inisip niyang dahil iyon sa nerbyos sa kakaisip ng kung anu-ano. Ipinatong niya ang ulo sa malamig na poste at ipinikit ang mga mata.

Nagulantang siya nang makaramdam ng kakaibang bigat sa kanyang balikat. A swift glimpse to her side confirmed her suspicion. Isang pares ng mala-higanteng kamay ang nakapulupot sa kanya; talo pa ang pagkakapit sa mga galamay ng oktopus. Ngunit bago siya makasigaw, padaskol siyang hinawi patabi ng may-ari nito. Pahapyaw niyang nakita mula sa tagiliran ng mga mata ang galit nitong mukha.

“What do you think you’re doing, young man?” asik nito.

Mas lalo siyang nanggalaiti sa sinabi nito— ‘young man’. Aba, antipatiko! Hindi naman siya mukhang lalaki. Hinarap niya ito para sampalin at doon lang niya napansin na ang galit nito ay hindi nakatuon sa kanya.

The man who shoved her aside was glowering at a black teenager, who was currently frozen on his

spot right near her. May dreadlocks ito at mukhang ilang araw nang hindi naliligo. Bitbit nito ang isang gula-gulanit na backpack at isang skateboard. In short, mukhang hindi ito gagawa ng mabuti.

Hindi na sumagot pa ang binatilyo. Kumaripas lang ito ng takbo patungo sa emergency exit sa dulo para lumipat ng ibang karwahe. Marahil, maghahanap ito ng ibang bibiktimahin. And in true New York fashion, the other passengers were unfazed. Para bang isang ordinaryong kaganapan lang ang lahat.

Namutla si Doreen at nanuyot ang kanyang lalamunan. Ni hindi man lang niya namalayang may katabi na pala siya. Was the black guy trying to rob her?

Hesusmariahosep! Katiting na nga lang ang pera niya, muntik pang mabawasan. Umasim lalo ang kanyang tiyan.

Sinagot ng mama ang tanong sa utak niya. “Okay ka lang ba, Miss? Malalim yata ang iniisip mo. Ni hindi mo namalayang dinudukutan ka na.”

Hinarap ni Doreen ang kanyang tagapagsalaba para magpasalamat. Pero napipi siya. She was now facing the broadest shoulders she had ever seen in

her life.

Kaya naman pala natakot ang magnanakaw na iyon, biglang sumagi sa isip niya.

When she tilted up her head to get a glimpse of his face, her breath got stuck in her throat. Doon lamang rumehistro sa utak niya na kakaiba talaga ang mga pangyayari. Aside from almost being mugged, mukhang pinagtitripan pa siya ni Kapalaran.

Papaano naman, ang lalaking nakangiti sa kanya ay isang Kano na matatas managalog. Ni ang mga kapwa-Pilipino nga na nakakasalubong niya sa daan, hindi siya kinakausap. Nananaginip kaya siya?

“I think you’re still in shock,” diagnosis nito. “Maupo ka kaya?”

Nope, she was not dreaming. Marunong talagang mag-Tagalog si Tisoy.

He looked so distinguished wearing black slacks and a dark green cable knit cashemere sweater under his long black wool coat. Parang gusto tuloy niyang sumaludo at sabihing, ‘Yes, Your Honor’.

Bakit kaya dressed-to-kill ang mama gayong weekend naman? Sayang lang at panira ng porma

nito ang isang pares ng makapal na salamin. Was that a pair of hazel eyes hiding behind those glasses?

“In shock ka nga,” pahayag ng malalim nitong boses, na pumukaw sa paglipad ng kanyang utak.

Bibihira lang siyang maging speechless. And how could she possibly daydream about this stranger, right in the middle of the train, in broad daylight, after what just happened?

She must really be in shock. There was no other explanation for her madness.

Sa wakas, nahanap ni Doreen ang boses. “I’m okay,” aniya sabay buntong-hininga. “Nakakabigla nga, but I’m fine. Really.” She wondered if she was trying to convince the man or herself. Ni ang boses niya ay parang estranghero sa kanyang pandinig.

Totoo ngang nagulat siya sa mga pangyayari. Never in her wildest dreams did she imagine she would be mugged in America. Sa Amerika pa? Maybe she was just too naïve. Masyado na rin siguro siyang kampante. Ang mundo nga pala ay puno ng masasamang tao; hindi lang sila isolated sa isang third world country tulad ng Pilipinas.

“Sigurado ka ba?” nag-aalala nitong sambit.

Doreen's heart almost melted at the genuine concern in his eyes. Sa dinami-dami ng tao na lulan ng tren, ito lang ang nagmalasakit na tumulong sa kanya.

Hindi na naman niya nahanap ang kanyang boses at parang may kung anong bumara sa kanyang lalamunan. And so she settled for a tight smile and a nod of her head.

“Mabuti kung ganoon,” pahayag nito, sabay abot ng bag niya na hindi man lang niya namalayang nahulog sa sahig.

“Maraming salamat,” bulong ni Doreen.

Bahagyang nagtama ang mga kamay nila nang kunin niya ang bag. She could not help noticing his fingers, which were strong and big, yet ever so gentle. At wala itong wedding band.

Biglang binalutan ng hiya si Doreen sa sumagi sa kanyang isip. Laking pasalamat niya at hindi ito mind reader. Na-traumatize talaga siya dahil kung anu-anong kahibangan ang pumapasok sa kanyang isipan.

And before she could utter anything else, huminto muli ang tren. Na-realize niyang kailangan na niyang bumaba. She felt somewhat disappointed.

“This is my stop. Salamat ulit, ha,” aniya sabay kaway. Dali-dali siyang lumabas bago tuluyang magsara ang mga pinto.

Standing on solid ground, she said a silent prayer—thanking her guardian angel for sending the Good Samaritan. Nag-about face siya para tingnan ito sa kahuli-hulihang pagkakataon. At tiyempo namang nagsara ang mga pinto ng tren.

Through the glass door framed by metal, nagtama ang kanilang mga mata. And for a split-second there, parang tumigil ang pag-inog ng kanyang mundo.

Doreen did not know how she managed to wave at the kind gentleman. Sinuklian siya nito ng isang kaway at isang malaking ngiti. Bigla tuloy bumilis ang pintig ng kanyang puso.

Agad niyang pinalis ang mga walang kabuluhang damdaming iyon sa kanyang dibdib. Sa halip, itinuon niya ang atensyon sa umuusad na tren. Hinintay niyang maalís ito sa kanyang line of vision bago siya naglakad.

As Doreen ascended the escalator na magdadala sa kanya sa ibang platform kung saan kukunin niya ang express train patungong Queens, she realized

Sinungaling Mong Puso - Hannah Wabe

her big mistake. Ni hindi man lang niya nakuha ang pangalan ng binata.

Nagkibit siya ng balikat at sinabi sa sarili, *Okay lang. What are the chances that you'll see him again, anyway?*

2

“We’re setting you up with Greg’s friend who just moved here,” sabi ni Lucille Sandoval-Robinson kay Doreen over Sunday brunch.

Halos maibuga ni Doreen ang laman ng kanyang bibig. At dahil naalala niya ang kanyang poise, she covered her mouth to keep herself from spitting the food directly at her best friend’s husband. Ang nangyari tuloy, nabilaukan siya.

Hindi siya magkandatuto sa pag-ubo. Hinagod ni Lucille ang kanyang likuran hanggang sa maalis ang bara sa kanyang lalamunan. After which, Greg offered her some water which she gratefully accepted.

Matapos uminom, pinunasan niya ang kanyang bibig. And then she found her voice. “You set me up?” ulit niya. “Like on a date?”

Nagkatawanan ang mag-asawa. Si Lucille ang sumagot.

“If we have to spell it out for you, then yes, on a date. I knew you’d be surprised. Pero overacting naman ang reaction mo, darling.”

Sinungaling Mong Puso - Hannah Wabe

Bago siya makasagot, nag-ring ang telepono. Kinuha iyon ni Greg. Kapagdaka ay nagpaumanhin ito at nagtungo sa study para kunin ang tawag ng trabaho. On call ito ngayong Linggo.

“Why did Greg agree to set me up with his friend? Alam niyang may boyfriend ako,” gulat niyang sambit.

Hindi makatingin si Lucille nang derecho sa kanya. Inabala nito ang sarili sa pagpahid ng mantikilya sa tinapay.

“I kinda told him you guys broke up. Na hindi n’yo nakayanan ang long-distance love.”

“Why would you do something like that?” nakasimangot niyang tanong. Oo nga at medyo marami silang petty fights at nagkakalabuan sila ni Angelo, pero hindi ibig sabihin noon na hiwalay na sila.

Ibinaba nito ang butter at hinarap siya. “Because, darling, you need an American bf. Mag-e-expire na ang visa mo. You need to get hitched as soon as possible.”

“No offense, pero alam mong di ko type ang Puti. Sa itim kong ito, magmumukha kaming kape at gatas. And what makes you think that someone

will marry me in that short time?”

“Darling, you are beautifully tan. At ang kulay na ’yan, diyan sila patay na patay.”

“But—”

“Hep. Tingnan mo rin, ’yung iba nga, days lang ang binibilang ’tapos they fly off to Las Vegas. Whirlwind courtship, ’ika nga.” Nang hindi siya sumagot, nagpatuloy ito, “Someone will marry you, honey, if you work your charms. You’ve got assets, Doreen,” makahulugan nitong sabi habang titig na titig sa dibdib niya. “You just need to shake them.”

Ipinagkrus niya ang mga kamay sa harap ng tinitingnan nito. Maktol niyang sinabi, “Desperado nga ako, pero di ako ganyang babae. May lahi pa rin naman ako ni *Maria Clara*.”

Natawa si Lucille. “Masyado ka namang defensive. Binibiro ka lang,” anito sabay pisil sa kanyang braso. “Don’t worry. We set you up with a decent guy. Isang investment banker sa Wall Street.”

Pumito si Doreen. “Big time huh! Nerd siguro. Baka naman kaya walang makitang girlfriend.”

“I wouldn’t know, ’cause I’ve never met him. Kaibigan ’to ni Sweetie from elementary. And it’s

been a long time daw since they've seen each other.”

“So wala ka talagang idea kung ano ang histura ng kolokoy na 'to?”

Umiling si Lucille, mamula-mula ang mga pisngi.

“Baka pangit nga talaga,” pagtatapos ni Doreen.

“Well, beggars can't be choosers,” hirit nito.

At nagkatawanan silang dalawa.

“Lucille, why don't we just tell this guy the truth?” buong-kaseryosohang sabi niya, nang humapa ang kanilang hagikgikan. “Let's tell him na kailangan ko ng papel. It doesn't feel right for me to deceive anyone.”

“Loka! Sino kaya'ng matinong lalaki ang papayag sa ganoong arrangement nang wala siyang mahihita? If you want to buy a husband, so you can put on a show for the Department of Immigration, you need about ten thousand dollars. And as far as I know, hindi ganyan kalaki ang pera mo sa bangko,” prangka nitong tugon.

Napalunok si Doreen. Totoo nga ang sinabi ni Lucille. Pero kahit na ba, hindi talaga maatim ng konsyensya niya ang ganoon. “Akala ko ba

kaibigan 'yan ni Greg? Bakit payag ang asawa mong ipagsangkalan ang kung sinumang 'yan sa akin?"

"Because I told him you broke up nga. And wala naman sa isip ni Sweetie na may ulterior motive ka. Remember, they take things like citizenship and residency status for granted," simple nitong sagot. "And besides, you need a man in your life."

Sakto namang bumalik si Greg na narinig ang huling bahagi ng sabi ni Lucille. "You'll be doing my old buddy a favor, Doreen. Like you, he needs a woman in his life. He's like a hermit. He hardly ever goes out. Maybe your bubbly personality is what he needs to make him come out of his shell."

Natawa siya. "Thanks for the compliment, Gregory. But really, why me? There are a lot of hot women here in New York."

Tumangu-tango ito. "Good point. But he just moved here a few months back." Nang hindi siya sumagot, nagpatuloy ito. "Plus you see, he's half-Filipino," anito sabay taas ng kanang kamay. "And you are a Filipina," dagdag nito sabay turo sa kanya ng kaliwa nitong kamay. Matapos, ipinaglapat nito ang dalawang palad at sinabing, "Perfect combination."

Natawa siya muli. Kung iyon nga lang ba ang

mga reglamento para sa isang perfect na relasyon, di sana she was living a life of happily-ever-after. “Oh Greg, I’m not the only Filipina here in New York. You’re wife is one, too.”

Hinapit nito palapit ang misis. “Yeah, she is. But she’s mine.”

Lucille lovingly caressed her cheek against his arm. “See, loka, taken na nga ako.” Then the two smiled adoringly at each other.

Doreen felt a slight twinge of envy at the sight of a perfectly sweet pair. Ngunit bago siya magkapagkomento sa ka-sweet-an nila, nagpaliwanag pa si Greg.

“You see, Doreen, you’re the only Filipina we know who’ll be a perfect match for him. Don’t be...” anitong mukhang may iniisip. Lumiwanag ang mga mata nito mayamaya. “Don’t be pakipot,” baluktot nitong sambit. “So how about I’ll set things up Friday night?”

Muli na namang kumililing ang telepono. Greg smiled at her before he got up to answer it. Bago ito tuluyang makalabas ng breakfast nook para kunin ang phone sa den, pabiro nitong ikinantyaw sa kanya, “Saved by the bell, Doreen.”

When he was finally out of earshot, kinulit siyang muli ni Lucille. “Sige na, pumayag ka na. What have you got to lose? Kung ma-in love ka along the way, that’s great. Kung hindi, hiwalayan mo. Divorce is so common.”

Napakagat si Doreen sa kanyang labi. “Alam ba ni Greg ’yang anggulong ’yan. If he only knew, I don’t think he’d want his friend to be paired with someone like me. Alam mo namang my heart belongs to someone else. At naiwan siya sa Pilipinas.”

Nagkibit ito ng balikat. “Ikaw ang kaibigan ko and my concern is for you. They don’t have to know about Angelo. Like I said, kung ayaw mo, in a few years, hiwalayan mo. Consider him as your ticket to freedom.”

Hindi na siya nakapagsalita. Lucille made everything sound so simple. Oras na nga siguro para iyugyog ang kanyang assets nang makakuha ng marriage proposal. Desperado siya sa lehitimong papel. Hindi naman siguro mahirap kung magpapanggap siyang in love sa mystery guy na ito.

And if they would end up separated after a few months, walang magtataaas ng kilay. Parang maruming damit, ganoon kabilis nabubuo at naisasantabi ang mga relationships dito. After all,

every single day, people get divorced in the United States of America.

Naghihintay na si Lucille sa tabi ng de-unipormadong guard nang bumaba siya mula sa condo unit ng amo. Naglakad sila patungo sa subway station. Pupunta sila ng *Pizzeria Uno* sa Times Square, kung saan kikitain nila sina Greg at ang mystery guy.

“Lucille, alam ko naman kung nasaan ’yon, hindi ka na dapat nag-abala pa sa pagdaan sa akin,” sabi niya habang nakatayo sila sa loob ng tren. Dahil Biyernes ng gabi, puno iyon ng tao. Siniguro niyang nakasukbit ang kani-kanilang bag, malapit sa kanilang mga katawan.

“Naku ha, mabuti na ang ganito. You might change your mind at the very last minute. Di napahiya pa ang beauty ko?” walang kagatol-gatol nitong sagot.

Inirapan niya ito at nagkatawanan sila. “Maiba ko,” simula ni Doreen, “ano’ng pangalan ng blind date ko?”

“Wait, let me try and remember,” anito. Naging seryoso ang mukha nito at halatang nag-iisip. “His

nickname is Dax. Ang buo niyang pangalan ay Dexter Ramos Smith.”

“Dax ang pangalan. Baka naman kamukha ni Donald Dax?” komento niya, sabay tawa sa sariling biro.

Siniko siya ni Lucille. “Uy! ’Wag ka namang negative. Hintayin mo muna. Kilatisin mo, bago mo laitin.”

Hindi siya talaga pintasera. Pero parang may sariling utak ang kanyang dila. Marahil dahil sa sobrang kaba, hindi niya mapigil ang magsabi ng kung anu-ano tungkol sa kanyang blind date.

“Nerd siguro kaya walang makuhang date. Tingnan mo ang pangalan, Dexter. Parang ’yung mad scientist sa *Dexter’s Laboratory*.”

“Hay naku! Umiral na naman ’yang kabaliwan mo,” biro nito.

“I can’t help it, I’m really nervous,” aniya. Nang hindi ito umimik, nagpatuloy siya sa kanyang litanya, “You know I don’t like nerds. Ang tipo kong lalaki ay ’yung medyo rebel ang dating. Parang si Angelo ko.”

Sumagi sa isip niya ang kanyang boyfriend of three years. Matangkad ito, mahaba ang buhok,

matipuno ang pangangatawan at kayumangging-kayumanggi. Tuwing nakikita niya si Angel, parang nauubusan siya ng hininga sa kaseksihan nito.

And he was nothing like an angel. More of a daredevil ito, actually. Palagi nitong suot ang isang signature leather jacket, dahil motorbike ang sasakyan nito. And each time they rode it together, she felt so reckless and wonderfully free. Tuwing magkasama sila, she did not know what to expect dahil very spontaneous ito.

Iyon nga lang, like a true blue bad angel, mayroon itong certain bad habits. He liked to drink beer. At miyembro pa ito ng sunog-baga club. But she knows in her heart though, that she could get him to change with her love.

“Hay, nangangarap na naman po ng gising ang baliw!” hirit ni Lucille na pumukaw sa kanyang pagmumuni-muni.

Binelatan lang niya ito bilang sagot. But deep inside, she was in turmoil because going on this date meant she was cheating on Angel. Pero sa kabilang banda, ginagawa niya ito para rin sa kanilang dalawa. If she would become an immigrant, mapepetition niya ito at makukuha. She felt consoled by these thoughts.

Pumasok sila sa loob ng restaurant at iginiya sila ng hostess sa mesa kung saan nauna sina Greg at ang mystery guy. Umupo si Lucille sa tabi ng asawa. Si Doreen naman, naiwang nakatayo—nervously shifting from one foot to the next, habang inaayos ang kanyang coat at bag sa likuran ng silya.

“Umupo ka nga diyan, Doreen,” sita ni Lucille.

“Inindiyan ako ng date ko?” tanong niya habang nakatitig sa isang bakanteng silya.

Natawa ito. “Sira! Greg said he just needed to use the restroom. Now, please sit down.”

Bago siya tuluyang makaupo, she was taken aback by a familiar voice from behind. Hinarap niya ito at nagitla siya. But it was a welcome kind of shock.

“Ah, we meet again,” simula ng lalaki. Malaki ang nakapaskil na ngiti sa mukha nito kaya lutang na lutang ang tuwid at maputi nitong mga ngipin. “I wondered about you in the past week. Kamusta ka na?”

Napangunahan siya ng gulat na boses ni Greg. “You and Dax have met?”

Pati ang ulo niya ay napuno ng tanong. Si Mystery Guy at si Mr. Good Samaritan ay iisa? At ito pa talaga ang blind date niya? What a big coincidence!

Napatango si Doreen bilang sagot.

“Spill!” excited na pahayag ni Lucille. “Paano kayo nagkakilala?”

Bago siya nagsimula ng kanyang kuwento, tinulungan siya ni Dax na maupo sa silya. Tunay nga itong gentleman.

Pag-urong nito ng kanyang silya, bahagyang tumama ang palad nito sa batok niya at naramdaman niya ang paggapang ng kung anong kiliti sa buo niyang katawan. She chalked it up to her surprise in seeing him again. Napakaliit talaga ng mundo!

Ikinuwento ni Doreen sa kanila ang nangyari sa subway. Ang totoo, which she would never admit to anyone, labas-pasok din sa isip niya noong nakaraang linggo itong kanyang Good Samaritan.

Yes, she had a boyfriend in Manila, but that did not mean she could not appreciate other beautiful forms. Hindi naman siya bulag. And she most certainly was not dead to be unfeeling. Iba iyong appreciation, sa gagawan ng hakbang ang admiration na iyon. Now, that was cheating.

At natigilan siya. Hindi nga ba ganoon ang ginagawa niya sa kanyang date ngayon?

“You got mugged and you didn’t even tell me!” bulalas ni Lucille na bumasag sa kanyang biglang katahimikan.

“Almost,” she corrected.

“Same thing,” anas nito sabay krus ng kamay sa dibdib.

“Well, I had a knight-in-shining-armor in the form of Dax,” aniya. “Let’s just say it was something I wanted to forget.”

Napasipol si Greg at lahat sila ay napalingon sa direksyon nito. “See guys, this date was meant to be. And both your names start with the letter D. It’s a sign. It’s... it’s destiny.”

“Oh, honey, you’re so corny,” natatawang komento ni Lucille.

Napalunok si Doreen sa kaprangkahan ni Gregory. Ibababa sana niya ang mga mata sa mesa to hide her embarrassment, pero napansin niya ang pamumula ng mukha ni Dexter. It was pretty hard to miss dahil simpula ito ngayon ng kamatis. Hindi ito makatingin sa kanyang direksyon.

Naisip ni Doreen, may pagkamahiyain nga talaga si Mokong. But he certainly was not shy the first time they met. Kunsabagay, he was too busy saving her then.

At dahil may kadiliman sa loob ng restaurant, malaya niya itong natitigan mula sa gilid ng kanyang mata. Tama nga ang unang assessment niya rito nang magkita sila sa subway. May hitsura ito, in an understated kind of way. Business-like ang dating nito—naka-long-sleeved polo shirt, necktie at slacks. Meticulously neat. Pati ang gupit nito ay crew-cut. Not a single hair out of place. At mas lalo pang naging seryoso ang aura ni Dax dahil sa salamin nito.

Kung hindi pa nagtagpo ang landas nila sa subway, ang magiging unang impresyon niya rito ay isang nerd.

Nerd nga pero hunk din, piping gagad ng utak ng dalaga. Pinilit niya itong itikom pero patuloy lang ang paggiling nito. Humirit ito muli ng, That is kung type mo ang tisoy!

Napailing siya. *Hindi nga! Hindi talaga!* sigaw niya sa kanyang isip.

“Hey Doreen, nababaliw ka na yata at pailing-iling ka diyan,” ani Lucille, na nakaarko ang kilay sa

kanya.

Buti na lang, kayumanggi ang balat niya at hindi siya madaling mamula. “I was just enjoying the music,” palusot niya. Laking pasalamat ni Doreen na may jazz music nga sa background.

Dumating ang waitress, bitbit ang isang New York Style Supreme Pizza. Inilapag nito iyon sa gitnang mesa.

“You guys already ordered?” ani Lucille sa asawa.

“Yeah, honey. We figured you’d be hungry. You can always add something if you like,” ani Greg.

Tumangu-tango si Lucille. “May gusto ka bang iba?” anito sa kanya.

Umiling si Doreen. “Nope. Ang laki na ng pizza ’no. Triple the size ng nasa Maynila. Paano natin uubusin ’yan?”

Tumikhim si Dexter. “Don’t worry, masiba si Gregory,” anito na nahanap rin muli ang boses. Seryoso ang mukha nito pero may kakaibang pilyong kislap sa mga mata.

Napangiti ang dalawang babae. Naisip ni Doreen na may sense of humor naman pala ito kahit

Sinungaling Mong Puso - Hannah Wabe

na seryoso ang dating. He was certainly a man of many facets. Naintriga tuloy siyang bigla sa binata.

At sumagot naman si Lucille ng, “Kilala mo nga ang asawa ko.”

“Hey, I know you guys are talking about me! Spill it,” birong maktol ni Greg na siya lang hindi makaintindi ng Tagalog.

Nagkatitigan silang tatlo at tumawa. After some time, Lucille explained everything. At naki-join din si Greg sa tawanan.

“So what are we waiting for?” sabi nito. “Let’s eat!”

3

By the time they left *Pizzeria Uno* and headed towards *Rockefeller Center*, alam na ni Doreen ang life story ni Dexter. Kung pahapyaw man ang kuwento nito ukol sa sarili, ang best friend nitong si Greg ang siyang nagpuno ng mga detalye.

Isa itong army brat. Ang tatay nito na umanong carbon copy nito, ay brigadier general. Nagkakilala ang mga magulang nito sa Subic, nang panandaliang dumangon doon ang bapor ng ama. At magaling itong managalog dahil iyon ang gustong salita sa bahay ng kanyang nanay na si Maria Gloria Angeles Ramos.

Lumaki si Dax nang walang permanenteng tahanan, dahil nadedestino ang ama nito sa iba't ibang bansa. And this made it difficult for him to form friendships. Siya ang laging 'new guy' sa eskwelahan. Nagtagal lamang ang pamilya nila sa Norfolk, Virginia kung saan nito nakilala si Greg.

Nagtapos ito ng BA in Business Management sa *Michigan State University* at kumuha naman ng MBA sa *Boston College*. Ngayon, at the young age of thirty-three, nakuha ito bilang Assistant Vice President of Marketing and Finance sa kompanyang *JP Morgan*

Chase.

Doreen could not help being impressed with Dexter's resume. Sino ba naman ang hindi mapapahanga sa achievements nito? Hindi na rin siya nagtataka kung bakit wala itong social life. With his track record, working part-time while studying full load, mahirap nga para ritong maghanap ng oras para sa happy hour.

Narating nila ang *Rockefeller Center* at pinanood ang mga nasa ice-skating rink. Nakatayo silang dalawa ni Dax sa may balkonahe, samantalang ang mag-asawa naman ay bumaba sa café sa silong para bumili ng hot chocolate.

Tumanggi ang dalawa nang magprisinta silang sumama. Doreen knew that it was their way of giving them some time alone. Gusto niyang matawa sa bulok na strategy ni Lucille. She was comfortable with Dax, but she could not see herself in a relationship with him. Masyado itong seryoso para sa kanyang panlasa.

“Ang galing nila 'no,” aniya habang nakatingin sa isang pares na nagpapasirku-sirko sa yelo na animo Olympic figure skaters.

Tumango si Dax. “It's not as easy as it looks.

Mahirap mag-balance sa yelo. Very slippery if you don't know how to handle the skates.”

Nahulog ang panga niya. “Ice skater ka?”

Napangiti ito. “Bakit, hindi ba mukha?”

“Wow! You're full of surprises.”

“Ngek!” sambit ni Dax. “That's the last thing anybody will use to describe me. Boring akong tao.”

Nagulat siya sa pahayag nito. So he knew what he was like and he was perfectly okay with himself. No apologies, no excuses. Napahanga siya sa attitude nito.

“So matagal ka na bang figure skater?” naisipan niyang itanong.

Napahalakhak ito. A hearty laugh that warmed her heart and sent tingles all the way to her toes. “Marunong lang ako ng basics. Remember, kuya ako ng dalawang babae. At sino pa ba'ng magiging guinea pig nila kundi ako?”

“Pareho pala tayong tatlo sa pamilya. I have two older brothers at ako lang ang girl,” kuwento ni Doreen. “Pero ang mga kuya ko, may sariling mundo. Bihira lang nila akong isali sa mga trip nila noong mga bata pa kami.”

Natahimik silang dalawa. It was a companionable kind of silence. Pinanood nila ang skaters sa gitna habang ini-enjoy ang malamig na hangin. Sa susunod na buwan, maglalaho lahat ng yelo at sisibol muli ang mga bulaklak.

“Kuwentuhan mo pa ako. It’s not fair because Greg volunteered my life story, pero hindi ko pa alam ang sa iyo,” nakangiting sabi nito. “Tell me, paano ka napadpad dito sa New York?”

Kinagat ni Doreen ang kanyang labi. Sumandal siya sa barandilya at inisip ang dapat niyang sabihin. It was not her habit to tell strangers her problems but somehow, there was something about Dax that made it so easy for her to talk to him. Parang may kakaibang koneksyon siya rito. And this did not surprise her. Naisip niya, kampante siya sa binata dahil sinagip siya nito.

Dumulas sa dila niya ang kuwento ng mga paghihirap niya sa Pilipinas and how she was struggling to provide for her family. At hindi na rin niya natupad ang sinabi kay Lucille na hindi niya ipagtatapat rito ang tungkol sa ilegal niyang estado. It just flowed along with the rest of her story.

“So what will you do, Doreen? Uuwi ka ba next month?”

Matagal na rin niyang pinag-isipan ang bagay na iyan. Marriage or no marriage, she would have to stay on dahil walang kinabukasan sa Pilipinas.

“I’ll stay. Baka sakaling mahabag ang presidente n’yong si Bush at magbigay ng amnestiya pagtapos ng termino niya,” aniya, sabay buntong-hininga.

Naramdaman niya ang paglapat ng braso nito sa kanyang balikat. She initially thought his arm would linger on that spot. Pero tinapik lang siya nito nang tatlong beses. At naguluhan siya sa kanyang reaksiyon, because she felt slightly disappointed when he withdrew his touch.

Sinisi ni Doreen ang kanyang pagiging emosyonal dahil sa pagkukuwento ng kanyang mala-telenovela na buhay. Tuwing iniisip niya ang kanyang pamilya, hindi niya mapigilan ang lungkot at bahagyang kirot sa kanyang puso.

“Masuwerte ang pamilya mo at labis ang pagsasakripisyo’t malasakit mo para sa kanila,” pahayag nito. “So cheer up and don’t worry, Doreen. In the Lord’s perfect time, everything will fall in place.”

Napangiti siya. Hindi lang pala Tagalog ang namana ni Dexter sa nanay nito, pati rin ang

pananampalataya. Tumaba ang puso niya sa sinabi nito. All the while, she thought he would look down on her for what she was doing. But there was no trace of superiority in him, only genuine concern.

Nginitian niya ito. Isang maliit na ngiti na may bahid ng lungkot. “Magdilang anghel ka sana, Dexter.”

Dax saw the fleeting sad smile on his date’s face and wanted to reach out to hug her. Pero pinigilan niya ang sarili and settled for a friendly tap on the back.

He did not want to invade her personal bubble. Baka kasi sabihin ni Doreen, masyado siyang presko. Unang pagkikita pa lang, pumuporma na siya agad.

But after she told him of her struggles living in the US, sinakmal ng awa ang puso niya. Hirap siyang paniwalaan na isa itong domestic helper. Paano kasi, magaling itong magdala ng damit at sigurado sa mga yapak. She spoke very well at halatang edukada. At kahit na mahirap ang pinagdaraan nito, nakukuha pa nitong ngumiti at magbiro kaninang hapunan.

Ngunit alam niya na hindi na siya dapat magulat. Hindi na lingid sa kaalaman niya ang paghihirap ng

mga Pilipino. His mother was one after all, kahit na matagal na itong nag-convert bilang American Citizen.

Bukod sa damdaming iyon, nakadama rin siya ng admirasyon. Standing right next to him was a very strong woman. Someone who was willingly living a hard life for the sake of her family. At isa iyon sa mga itinuro ng nanay niya, ang wagas na pagmamahal para sa sariling pamilya.

Para sa kanya, bibihira na lang ang ganitong klase ng tao, lalo na sa Amerika kung saan umiikot lamang ang mundo sa trabaho, para magkaroon ng perang pang-good time at pambili ng mga materyal na bagay. Madalang lamang ang hindi makasarili o mapag-imbot. Kaya naman wala na siyang kalaban-laban. Marahil pusong yari sa bato lamang ang hindi matitinag niyon.

He was surprised by the sudden onslaught of emotion. Akala niya, matagal na niyang naisara ang parteng iyon ng kanyang puso. After a heart-breaking episode with his ex-fiancee, he never thought he would ever feel anything towards any woman other than those members of his own family.

Pero mali siya.

Wala namang ginagawa si Doreen, maliban sa tumayo sa tabi niya pero tila pinipisil nito ang kanyang puso. Hindi niya maintindihan kung bakit gusto niyang malaman ang lahat ng misteryo sa buhay nito. And to think, ayaw naman talaga niyang sumama sa blind date na ito. Binuyo lang siya ni Greg.

But there was something about her that definitely piqued his curiosity. And for a very long time, no other woman had ever done that. He wanted her to be a friend. At nagulantang siya sa realisasyong iyon.

Biglang nagtaasan ang warning flags sa utak ni Dax. Getting to know someone brought about the danger of falling for the person. Hindi siya masokista. Away niyang masaktan muli. But there was something in her that stirred his guts. At hindi niya iyon maitaboy.

Noong una pa lang silang magkita sa subway, aminado siyang attracted na siya sa dalaga. Tipikal itong Pinay beauty. She had very radiant brown skin, which glowed when light was hitting it. At ang mahaba nitong buhok ay parang maitim na seda.

Nang maghiwalay sila sa tren, bahagya siyang nadismaya dahil hindi niya nakuha ang pangalan

nito. Pero okay lang iyon noon; hindi naman siya naghahanap ng relasyon. And never in his wildest dreams did he think they would ever meet again.

A part of his heart whispered, *Maybe dreams do come true after all...*

And hope began to flare in his chest. Maybe, just maybe, he could learn to love again.

“Oh, bakit naman nananahimik kayong dalawa diyan na parang mga rebulto?” untag ni Lucille sa kanila. Bitbit nito ang dalawang styrofoam cup ng hot chocolate at binigyan sila ng tig-isa.

“Wala, nanonood—”

“Doreen and I were—”

Sabay nagsalita sina Dax at Doreen. Sabay rin silang natigilan, nagkatitigan at nagtawanan.

“Looks like you guys have a special language of your own,” kantiyaw ni Greg, sabay pabirong hataw sa balikat ng kaibigan.

Hindi alam ni Doreen ang isasagot, kaya uminom na lang siya ng tsokolate.

“We were just watching the skaters. Doreen has

never been on one in her entire life,” kuwento ni Dax, na hindi pinansin ang sinabi ng kaibigan.

“You better take her then, man,” ani Greg.

“I’ve got a better idea, why don’t we go on a getaway tomorrow? Let’s drive up to *Foxwoods Resort Casino* in Connecticut. You game, Dax?” suhestyon ni Lucille.

Pumalapak ang tainga ni Doreen sa narinig. Kung anuman ang *Foxwoods* na iyon, hindi niya alam. But it sure sounded like fun. And fun was what she had not had in a very long time.

Lumiwanag ang mga mata ni Dax. And to think he was thinking of how to get to spend more time with Doreen. “Great. I’ll even drive,” prisinta nito.

Napabuga si Doreen ng hangin. She did not even realize she was holding her breath while waiting for his reply. Yahoo! Buti na lang kasusuweldo lang niya. At libre pa ang pamasahe dahil magmamaneho si Dax.

She was going on an adventure with friends. Kung anong boses ang bumulong sa isip niya ng, *Friend nga ba talaga?*

Friend naman niya talaga sina Lucille at Gregory.

As for Dexter, she felt in her heart he was already a friend. Humirit muli ang boses ng, *Could it be more?*

“Ay, ang lukring hindi nakikinig,” hirit ni Lucille sa blankong ekspresyon sa mukha ng kaibigan.

“Huh!” aniya.

“Ang sabi ko, okay ba sa iyo ang lakad natin bukas?” ulit nito.

Tumangu-tango siya.

Inayos nila ang mga detalye. Susunduin sila kinaumagahan ng alas cinco y media ni Dax. On the way na sila kakain ng breakfast, sa unang rest area sa may dakong Connecticut sa bungad ng Interstate 95. Dalawa at kalahating oras ang biyahe patungo sa *Foxwoods*. Kahit na mahaba-haba, it would be time well spent.

Pinatay ni Doreen ang ilaw sa kanyang silid. Nakadamit-pantulog na siya at nasa ilalim ng comforter ng kama. Ang tanging bukas na lang ay ang kanyang maliit na nightlight para hindi lubusang masakop ng karimlan ang kanyang silid.

Papikit na sana ang mga mata niya, nang biglang pumasok si Lucille sa kuwarto. Marahan nitong

sinara ang pinto, at umupo sa kama. Seryosong-seryoso ang mukha nito, kaya agad umupo si Doreen at sumandal sa headboard.

“So what do you think of Dax? Cute, di ba?” kinikilig nitong sambit.

Sinapul niya ng palad ang ulo. “Hay, sus! Akala ko naman kung ano ng emergency. Si Tisoy lang pala ang gusto mong pag-usapan.”

Sinundot nito ang kanyang tagiliran. “Hoy! Ipokrita ka kung hindi mo aaming may dating si Dax.”

“Oo na, oo na. Matigil ka lang!” tatawa-tawang sabi ni Doreen. Pero ang totoo, having Dax around made her heartbeat go a little faster. But she would rather die than admit that out loud. Sa isip niya, lonely lang siya for Angelo, kaya pati ang lalaking hindi niya type ay may epekto sa kanya ngayon. “Ikaw, may asawa ka na, ang lantong mo pa rin. Isusumbong kita kay Greg.”

“Hoy! Just because I’m married doesn’t mean hindi na puwedeng makakita ng cute ang mga mata ko. Cute nga si Dax, pero guwapo naman si Greggy ko.”

Binato niya ito ng unan. “Tama na ang litanya.

Narinig mo na ang sagot ko. Matulog na tayo. Maaga pa ang gising natin bukas.”

“Ikaw, K.J. ka.” Just like their college days sa dormitory, ipinatong nito ang ulo sa kandungan niya at tinitigan ang kanyang mga mata. “Tell me the truth, okay siya, hindi ba?”

Doreen did not have the heart to burst her friend’s bubble. Pero wala siyang magawa kundi magsabi ng totoo. Pinisil niya ang ilong nito. “Oo”, simula niya. “Cute nga siya, in his own way. Pero walang anumang mahika sa pagitan naming dalawa. Walang spark.”

Halatang nadismaya ito. Umupo itong muli at ipinaloob ang mukha niya pagitan ng mga palad nito. “Listen, Doreen. You don’t need sparks,” dahan-dahang bigkas nito ng bawat salita. “What you need is a green card. Isang green card. So you better work fast, sister!”

Napasimangot siya. “Ikaw, napaghahatang ayaw mo talaga kay Angelo,” kastigo niya. “And Lucille, hindi ka ba naaawa? Dexter is really very nice. Hindi ko yata kayang gamitin lang siya.”

Natahimik si Lucille. Mukhang malalim ang laman ng isip. “Darling, noon pa man ay hindi ko

na itinago sa iyo ang tingin ko kay Angelo. Aba, ngayon nga lang bihira kang sulatan o tawagan ng Herodes na iyon. Ewan ko kung bakit, but even then noong nasa 'Pinas pa ang beauty ko, nagkakaasaran na kami. Kung sa labanan na lang, si Dexter na ang pipiliin kong pambato. Siya ang manok ko.”

Imbis na mainis, natawa si Doreen. “Para mo namang pinagsabong ang dalawa. Eh, ano’ng magagawa ko kung si Angelo ang laman ng puso ko?”

“Hindi ka mapapakain ng puso mo,” prangka nitong sagot.

Muli siyang nanlumo.

Nagpatuloy ito sa pagtalak. “Think of it this way, it will be a mutually beneficial relationship. Bibigyan mo ng kulay, kahit panandalian lang, ang boring na buhay ni Dexter. At ikaw naman, magkakaroon ng papeles.”

“Hindi mo nga lubusang kilala ‘yung tao. Malay mo ba kung madrama ang personal life niya,” sita ni Doreen.

Inikot ni Lucille ang mga mata. “Honey, if he’s the typical American, he wouldn’t need a blind date.”

Tumango siya. “But then, he’s not you’re typical American.” Thank God. Dahil kung nagkataon, she would be treated as just a conquest or one-night stand. “Parang nakaka-guilty, tuloy.”

“Then be genuinely nice to him, para hindi ka atakehin ng konsyensya mo,” sagot nito. “Darling, bibihira lang daw lumabas si Dax. Favor mo na sa kanya ang company mo. Malay mo, ma-in love ka nang tuluyan sa kanya.”

Muli niya itong hinampas ng unan. “Lukring ka talaga.”

“Just think about it, okay? Walang mawawala sa iyo. He’s pleasant to look at, at maginoo pa. Wala ka nang mahahanap na ibang ganyan.”

Napakunot-noo siya. “I wonder kung ano’ng nangyari sa kanya’t ilap siya sa mga girls? Hindi naman siya pangit. Although he’d look a lot better without those huge eyeglasses. May pagkatahimik nga siya, pero sa simula lang. Sensible siyang kausap.”

“Truly!” anito na tumatangu-tango pa.

Kapagdaka ay lumabas si Lucille sa guest room at naiwan siyang iniisip ang anggulong iyon hanggang sapian siya ng antok.

4

Napalunok si Doreen nang masilayan ang engrandeng entrance ng *Foxwoods Casino Resort* sa Ledyard, Connecticut. Mula sa daan pa lang, kita na ang taluktok ng mataas at magarang mga building. Turquoise and violet roof towers, peeping through giant trees. And she thought it would be just one simple hotel. Pero naalala niyang siya ay nasa Amerika, the land of abundance.

The building complex was huge. Ang ikinaganda nito, it was set amidst a lush forrest. A nice combination of great architecture and nature. At ngayong papasok ang Ford Expedition ni Dexter sa main driveway ng hotel, she had to correct her initial impression. Big was certainly not enough to describe it. *Foxwoods* was magnificent, majestic and almost magical to her inexperienced eyes.

Mula sa likuran ng auto, naulinigan niyang nag-unat-unat ang mag-asawa. “Oh, we’re finally here. And it’s only nine am,” narinig niyang sabi ni Greg na inantok-antok pa ang boses.

Matapos nilang mag-breakfast, natulog ang dalawa. Siya, she stayed awake and kept Dexter

company. Ang kapal naman ng mukha niya kung tulugan din niya ito, considering he already offered to drive them.

Hindi sila naubusan ng pagkukuwentuhan. Pareho nilang gusto ang musika ni Josh Groban, Jim Chapell at Martin Nievera. Pareho rin silang mahilig magbasa ng kung anu-anong libro. Kapwa nila paborito ang *Da Vinci Code*.

Mahilig silang manood ng TV at mga pelikula, pero nagkatalo lang sila sa mga tipo nito. Ang hilig ni Dax ay action-adventure o suspense. At siya naman, ang gusto niya ay comedy or romance.

Ang pakiramdam ng bawat isa, magkasundo ang kanilang mga taste sa maraming bagay. Sa sobrang pagkawili sa pagchichikahan, madali ang naging paglipad ng mga segundo.

Huminto ang sasakyan sa tapat ng engrandeng entrance. Binuksan ng unipormadong valet ang kanilang mga pinto. Pagtapak ng paa niya sa makapal na carpet, the first word that came to her mind was luxurious. And for a split-second, she felt grossly out of place. Naisip niya, mabuti na lang matinong slacks at sweater ang kanyang isinuot at hindi ang uniporme niyang jeans, sweater at rubber shoes.

Pagpasok nila sa main lobby ng *Grand Peqout Tower*, ang pinakamagara sa tatlong main buildings ng *Foxwoods*, mas lalo pa siyang namangha. And here she thought things could not possibly get any better. Naïve nga siya talaga. Kung maganda sa labas, di-hamak ang sa loob.

Pakiwari ni Doreen, halos mabali ang leeg niya sa pagtingala sa engrandeng ceiling na dalawang palapag ang taas. There were chandeliers strewn all over. At maraming malalaking silya, na tila nag-iimbitang salampakan ng kahit sino. Sa gitna ng lobby, there was a giant glass statue of an archer, shooting an arrow in the air.

“Wait lang muna,” putol ng boses ni Lucille sa kanyang pagtanaw sa paligid. “Bathroom lang kami ni Greg.”

Nagulat siya sa reaksyon ng tatlong kasama. Parang bale-wala sa mag-asawa ang pabulosong kinatatayuan nila ngayon. Si Dax naman ay abala sa pagbabasa ng kung anong brochure. And then she realized, they were used to this kind of ambience. Siya nga lang pala ang bagong salta mula sa isang pobreng bansa.

“Listen to this Doreen,” simula ni Dax. He was reading something from the brochure. “*Foxwoods* is

the largest casino in the world, with 340,000 square feet of gaming space in a complex that covers 4.7 million square feet. Forty thousand guests come to visit each day.”

Napanganga si Doreen. She did notice *Foxwoods* was big. She just did not realize how big it actually was.

Nagpatuloy si Dax. “*Foxwoods* started in 1986, when the Mashantucket Pequot Tribal Nation opened the original high-stakes bingo hall. Today *Foxwoods* comprises six casinos that collectively offer more than 7,000 slot machines and an incredible 400 tables for 17 different types of table games, including 100 for poker. There’s a—”

Pinatong niya ang kanyang kamay sa gitna ng binabasa nito. Yes, it was an act of familiarity, pero matapos nilang magkuwentuhan sa biyahe, she felt comfortable enough to do just that. “Dax, where did you get this?”

Mukhang lito ang hitsura nito pero sinagot naman siya. “Sa information booth sa may rest area kanina. They were giving it for free. This is also my first time here, so I thought I’d read up on the place.”

Love for information. *Like a true blue nerd,*

naisip niya. At napangiti siya. “Save that for later, okay?” samo niya.

“Why?” tanong nito habang inaayos ang salamin sa ilong.

Eksaherado niyang iginalala ang kamay sa buong paligid at sinabing, “Stop reading about how beautiful *Foxwoods* is, Dexter. Experience it. Look around you.”

Sinunod naman nito ang suhestyon niya. And finally, his eyes landed on her. And all he said was one word. “Beautiful!”

Natahimik si Doreen. Hindi niya alam if he was referring to the place or her. Pero ang kapal naman ng apog niya if she would think it was the latter. Luckily, the arrival of Lucille and Greg saved her from talking.

“C’mon, guys. Lets go inside the casino and burn some money,” paanyaya ni Gregory.

Pumasok sila sa *Grand Peqout Casino*. Nawili si Doreen sa pagtingin sa mga slot machines. First time niyang maka-experience nang ganito. But she was very careful about spending her hard-earned money. Doon lang siya sumubok sa mga mumurahing penny o one-cent machines. Kaya naman nagkahiwalay

sila, dahil naiwan ang tatlo sa higher stakes game. Pero hindi naman ito problema dahil kapwa sila may mga cellphone.

Kapagkuwan ay napansin niyang may malaking anino na bahagyang tumabing sa mga ilaw sa kanyang kaliwa. She looked up and saw Dax's familiar face. "O, tapos ka nang maglaro?"

"Yup. I blew ten dollars," tugon nito.

"Kuripot!" biro niya.

Natawa ito. It was a very nice laugh that sounded melodious to her. "I just choose to spend my money wisely. Hardly anyone ever wins against those machines anyway."

Tumango si Doreen. Mas lalo siyang napahanga sa sensibilidad nito. With his position, siguradong malaki ang sahod nito pero hindi ito mayabang. Dinampot niya ang kanyang bag at tumayo. "So let's go!"

"Saan? This is a big place."

Kinuha niya ang siko nito at hinila. "Yup and we've got about three hours 'till lunch. We can do anything we want."

Pero hindi ito umusad. "But where exactly?"

Natawa si Doreen. Sobra nga itong sigurista. Lahat ng moves dapat nakaplano. That supposed to be b-o-r-i-n-g to her but surprisingly, iba ang dating niyon sa kanya. She was enjoying his company at magkasundo sila kaya binuyo niya itong gumala.

“Anywhere but here, Dexter.” At mas nilakasan niya ang hila rito para makaalis sila.

Nilibot nila ang compound. There were three main wings—ang *Grand Peqout Tower*, ang *Grand Cedar Hotel* na may mini-water fall sa lobby at ang *Rainmaker Square* na pinakabagong expansion.

At dahil parang loop ang tatlo, natapos sila kung saan sila unang lumapag, sa lobby ng *Grand Peqout Tower*. Nilapitan din nila ang sculpture sa gitna ng lobby na humuli sa atensyon ni Doreen kanina pagdating nila. It was an Indian-oriented display called, *The Rainmaker*.

Hindi niya mapigilan ang mapakanta ng, “*Indian pana, kakana-kana.*” Natawa si Dexter na ikinagulat niya. “Alam mo ang pambatang-kalyeng kantang iyon?”

“Oo naman,” anito.

“Ang galing ng nanay mo, huh!” aniya. Tahimik nilang pinagmasdan ang istatwa. Kapagkuwan ay nagsalita siya. “Ano kaya ang ibig sabihin nitong rebulto? It’s obviously important!”

Napangiti si Dax, habang may kinukuha sa balsa ng blazer nito. “So we’ll need my trusty old brochure after all.”

At siya naman ang natawa. “Sige, fire away.”

“Ang sabi ng brochure, Indian Tribe na tinawag na Mashantucket Peqouts ang nagsimula ng casino. In fact, this place was built on an Indian Reservation o kampo. And the statue is a symbol of their legend. He is firing his arrow up in the sky asking for rain,” anito. “And now, it all makes sense.”

“What makes sense?”

“Kaya Indian ang theme nitong lugar. At kaya rin humihingi ang rebultong iyan ng ulan. Kung walang tubig, walang biyaya ng lupa. And this casino, is like their rain. It’s a money-making venture. A fruit of their labor, ‘ika nga.’”

Tumangu-tango si Doreen. Pabiro niya itong tinapik sa balikat at humirit ng, “Smarty pants!”

Bago ito makasagot, nabulabog sila ng maingay

na boses ni Lucille. “Hay, naku! Nariyan lang pala kayong dalawa. Gutom na kami at almost one pm na. Saan ba kayo nag-ikot? Tumatawag kami sa mga cell n’yo, pero di n’yo sinasagot.”

May missed calls nga ang mga phone nila. “Sorry guys,” tugon ni Dax. “We probably didn’t hear it.”

“Oo. Busy kami sa pagkukuwentuhan,” dagdag niya.

Makahulugan ang titig na ibinigay sa kanya ni Lucille and there was a huge smile plastered on her face. And before her friend could jump to any conclusions about her and Dax, niyaya niya na silang kumain.

“Ano ba’ng type n’yong kainin?” ani Dax. “Sabi sa brochure there are three gourmet fine-dining resturants here. Ang *Al Dente* for Italian food, *Paragon* for Continental fare, and *Cedar Steakhouse* for obviously, steak. Mayroon ding nine food chains like *Hard Rock Café*, *California Pizza Kitchen*, and *Panera Breadhouse*. At may *Festival Buffet*, if you guys want a smorgasboard.”

Sumiksik si Lucille sa tabi niya habang naglilitanya si Dax. “Parang walking encyclopedia,

ano?” biro nito sa kanya.

Siniko niya ito sa tagiliran. “Huwag ka ngang ganyan,” pabulong na maktol niya. Hindi maintindihan ni Doreen ang pakiramdam niya. Bakit siya napikon on behalf of Dax sa pabirong patutsada na iyon ni Lucille?

Alam niyang nerd din ang initial impression niya rito. But now, after spending some time with him, nakita niyang may magaganda itong qualities. He was so genuinely nice and it was virtually impossible not to like him.

Nauwi sila sa *Festival Buffet* sa may *Rainmaker Square*. It was the best option because for just \$17, makakatikim sila ng iba’t-ibang putahe mula Asian food, salads, barbeque, pot roast, pasta, seafood at kung anu-anong dessert.

Sabay sila ng best friend na lumapit sa buffet table. Kapagkuwan ay tinanong siya nito, “So how’s it going with you and Dax? It looks like you guys are hitting it off well.”

Napakagat siya ng kanyang labi. She did not want her friend to get any ideas, but she could not help telling the truth. “Oo. Mabait kasi siya.”

“So do I hear wedding bells?”

Muntik niyang mabitawan ang sandok na kanyang hawak. “Over ka, ha!”

“Dalian mo na. For selfish reasons, ayaw kong iwanan mo ako ditong mag-isa,” lambing nito.

“Hindi mangyayari ’yon. Whatever happens, may papel man o wala, I’ve decided to stay,” mariin niyang pahayag. “Walang mangyayari sa akin kung bumalik pa ako sa Pilipinas.”

“Honey, you’re so gross,” sita ni Lucille sa asawang hindi napigilang pakawalan ang isang malakas na dighay.

Nagkamot ito ng ulo. He looked properly chastised and embarrassed. “Sorry, I’m really full.”

“Oh don’t worry, you’re forgiven. I think our stomachs are all in the same boat,” ani Doreen na tinatapik-tapik ang sariling tiyan.

Napangiti si Dax. She had such a great sense of humor. Bukod pa rito, she was very perceptive and understanding. And these were just some of the many qualities he liked in this new-found friend. Kung puwede lang, he would spend more time with

her.

“What do you guys want to do?” pasimpleng tanong nito.

“Well, anything that entails walking was definitely out of the question. I’m too full to do anything but sit,” ani Greg.

“Oh, you just want to go back to slot machines, buster,” tugon ni Lucille sa asawa, sabay sundot sa tiyan nito. “You’re addicted.” Natawa ito.

“We’ll join you,” singit ni Doreen.

“Huwag na!” bulalas ni Lucille. “What I mean is, you and Dax go do something together, which you haven’t tried. Kaya ka nga ’andito.”

Gusto niyang pandilatan ang best friend sa inaasal nito. Nakakahiya sa binata at halos ipagtulakan siya nito. But she restrained herself dahil mas mapapahiya siya. “Okay,” aniya. “That is if, hindi pa bored si Dexter sa company ko.”

Kung alam lang niya, Dax had this mad urge to give Lucille a big friendly kiss of thanks. But he settled for, “No way, Doreen. Baka ako pa nga ang dapat magtanong sa iyo niyan.”

Pumalampak ang puso niya. And before she

knew it, inaalalayan na siya nitong tumayo mula sa silya at kapit-kamay na silang naglalakad patungo sa kung saan man. The married couple ended up saying goodbye to them at the double doors of the *Festival Casino*. Sila naman ay napadpad sa first floor ng *Rainmaker Casino* kung saan naglalaro ng poker.

“How about a round of poker?” aniya sa binata.

Tumango ito at pinisil ang kanyang kamay. “Let’s try it. Maybe I’ll be lucky in game.”

Why? Are you unlucky in love? biglang tanong ng isip niya. But of course she did not have the courage to say that out loud. Kaya tahimik na lang siyang nagpadala rito sa harap ng isang bakanteng poker table.

5

Nakaupo sila ngayon sa tapat ng mesa, may limang baraha sa kamay ni Doreen. Halos magkadikit sila ni Dax, because they were sharing the cards. They both decided to join a low-stake \$20 game, putting in ten dollars each.

Ang totoo, distracted si Doreen sa laro. There was a different kind of heat emanating from his body at kulang na lang matunaw siya sa kanyang kinauupuan. And how could her mind possibly function, when all she could concentrate on is his distinct masculine scent? It was woody, warm and sinfully sexy. Para itong si *Superman*, na suot ang disguise ni *Clark Kent*.

Dexter grabbed the opportunity to sit very close to Doreen. In the pretense, of course, of looking at their shared cards. He wanted to touch her hair or maybe caress her cheek but he held himself back. That would be too much, too soon.

As of now, sigurado si Dax na gusto niyang maging malapit na kaibigan si Doreen. Kanina lang nang gumagala-gala sila sa paligid, she was like a little kid inside a candy store. Kakaiba ang ngiti

nito at kislap sa mga mata. She was unlike other people who take everything for granted. And it was a refreshing sight!

“Oh, ano, should we give up some of our cards baka sakaling madagdagan pa ang pares natin ng mga suatro?” tanong ni Doreen, na lumipig sa lumilipad na isipan ni Dexter.

Napakunot ang noo nito. “What is the probability na makakuha pa tayo ng isa pang card na cuatro? There are fifty-two cards and there are nine possible hands. Think of the endless permutations. To get a pair we have forty-two percent chances of—”

Muntik na siyang mahilo sa mga technical terms na pinagsasabi nito. Pero batid niyang hindi nito kasalanan iyon dahil sadya lang itong matalino. Bumuntong-hininga siya. “Dax, you’re boring me to death talking like that,” she said ever so softly, actually embarrassed with herself that she had the nerve to cut him.

Mukhang nasaktan ito sa kaprangkahan niya at agad niyang pinagsisihan ang kanyang sinabi. Hinawakan niya ang braso nito at pinisil. “What I mean is, wala ka sa trabaho. Don’t be a financial analyst right now,” lambing niya rito. “This is only a game. So what kung matalo tayo? Let’s just relax

and enjoy it.” At binigyan niya ito ng kanyang pinakamatamis na ngiti.

Parang tumigil ang pagtibok ng puso nito sa ngiting iyon ni Doreen. He would not mind if she looked at him like that each day. Tumango ito at sinabing, “Okay, then let the fun begin.”

Nawala ang bigat sa dibdib ng dalaga. Ni hindi man lang niya namalayan na kabado siya, dahil nga baka tuluyang magalit si Dax sa kanya. And now, she was so relieved na hindi ito na-offend. Sa sobrang tuwa niya, ihinilig niya ang kanyang pisngi sa braso nito.

“Let’s gamble our pair. I have a feeling mananalo tayo.”

And they did win. Matapos ang laro, napanalunan nila ang premyo sa pot. Tumataginting na \$500.

Halos mag-a-alas-nueve na nang huminto ang *Expedition* sa tapat ng apartment complex nina Lucille sa Queens. Mabuti na lang at nagpakabundat muli sila noong hapunan sa *Festival Buffet* bago gumayak pabalik ng New York. Na-traffic sila nang katakut-takot sa highway dahil sa isang multi-car accident.

“Hey, Dax, do you want to go down for a night cap?” tanong ni Greg.

“No thanks, man. I’m already double parked as it is,” anito.

Nagpasalamat muli ang mag-asawa at nagsimulang bumaba ng sasakyan.

“Dexter, salamat ulit, ha,” ani Doreen, habang sinasamsam ang kanyang mga gamit.

Ngumiti ito, his face lighting up like a Christmas tree with sparkling lights. “The pleasure was mine.”

Tinapik niya ang braso nito. “Salamat talaga!” Binuksan niya ang pinto at bumaba ng sasakyan. Ngunit bago siya tuluyang makababa, naramdaman niya ang kamay nito sa kanyang balikat. Hinarap niya ito. “The pleasure was mine, Doreen.”

Hindi niya maintindihan why she suddenly felt tounge-tied. Marahil dahil sa mainit nitong titig. All she could do was nod her head and smile. Matapos, tuluyan siyang lumabas ng auto.

Kahit malamig sa tabing-daan, kumaway siya at hinintay na makaalis ang sasakyan, bago pumasok sa loob ng apartment complex.

Malaki talaga ang utang-na-loob niya kay

Dax. She had a wonderful afternoon, thanks to his company. Isa pa, kung hindi ito nag-volunteer ipag-drive sila, hindi siya makakarating sa gawing Connecticut.

Bukod pa roon, she was five hundred dollars richer because of his kindness. Naalala niya ang pag-uusap nila matapos ang poker game. Binibigay niya rito ang kalahati ng premyo, pero ayaw talaga nitong tanggapin.

“Look, Doreen. You’re the one that said we should take a gamble. At kung hindi natin ginawa iyon, we wouldn’t have won. You deserve every penny,” anito.

Ilang segundo rin silang naglaro ng pasahan ng pera, bago siya tuluyang nakumbinsi nitong tanggapin ang lahat.

“Please, I really want you to have it,” anito na ang mga palad ay nakataklob sa kamay niya. “Kung hindi mo ito kunin, iiwan ko iyan sa donation box. So please just take it, Doreen. Consider it your lucky break.”

At wala na siyang ibang nagawa pa kundi ilagay ang \$500 sa kanyang bulsa. Ordinarily, she would have been insulted, dahil para naman siyang

nanlilimos na pulubi. But there was nothing insulting about his manner in sharing the money with her. Hindi condescending ang tono nito. Na-touch pa nga siya sa ginawang pagpaparaya ni Dax at sa concern nito. Even without her telling him directly, natunugan nitong kapos siya sa pera.

Pagkasara ni Doreen ng pinto ng apartment, nagulat siya sa bumulahaw na boses ni Lucille. “Ang tagal mo naman yata bago nakaakyat?” nakangisi pero makahulugang hirit nito.

She ignored the hidden question in Lucille’s statement. “Mabilis lang kayong maglakad ni Greg,” payak na sagot niya, habang inaalis ang kanyang wintercoat. Inilagay niya iyon sa hall closet, matapos ay umupo sa tabi nito sa sofa. Ipinatong niya ang mga paa sa mesita kaya pareho na sila ng posisyon ng kanyang best friend.

Sinundot nito ang tagiliran niya. “Hmm... ang sabihin mo, natamaan ka rin, ano?”

Hindi siya makasagot. Ang totoo, hindi niya alam ang kanyang sasabihin. Litong-lito ang kalooban niya. Yes, she had a great time with Dexter. It would be a lie if she would say otherwise. Kaninang magkasama sila, parang nakalimutan na rin niya ang kanyang mga problema. Ibig bang sabihin nito

na natamaan nga siya?

Sa kabilang banda, hindi naman ganoon-ganoon na lang mawawala ang feelings niya para kay Angelo. Kahit matagal na silang hindi nagkikita at bahagya lamang na nakakapag-uusap dahil sa kabisihan sa kani-kanilang mga buhay, may pinagsamahan pa rin sila.

Ihinilig niya ang ulo sa backrest ng sofa at itinaklob ang mga kamay sa mukha niya. A big groan escaped her lips.

Naramdaman niya muli ang daliri ni Lucille sa kanyang tagiliran. “Ang drama mo, ha! Simple lang naman ang tanong ko.”

“Nakakarami ka na, ha,” aniya habang pabirong hinahataw ang kamay nito. “OA na!”

Natawa ito. “Ikaw ang madrama, darling. Kasimple lang ng tanong ko, with a moaning and groaning ka pa riyan.”

“Hay! I wish I had the answer, pero hindi ko talaga alam. Nalilito po ang utak ko,” aniyang iniiling-iling pa ang ulo.

“Well, that’s certainly a good sign. Magaling talaga ang manok ko,” anitong may kinang sa mata.

Inirapan niya ito at hindi na sinagot. Mas lalo tuloy siyang nalito.

Ang buong akala ni Doreen, makakatulog siya nang mahimbing dahil sa sobrang kapaguran. Pero hindi naging madali ang pagdapo ng antok. Paulit-ulit pumasok sa kanyang isipan ang masayang pag-uusap nila ni Dax.

Halos madaling-araw na nang sa wakas ay makatulog siya. Pero napakababaw lamang nito. And she had the weirdest dream to boot. Dalawang nagsasabong na manok, na parang kalalabas lamang sa hawla ang laman ng kanyang panaginip. Ang isa ay itim at ang isa ay puti. Nagtagisan ang dalawa ng lakas at pawang nagtukaan. Ang boses ni Lucille ay rumirepeke ng halakhak sa background. Hindi tuloy niya alam kung ika-classify ito bilang isang bangungot o isang mapang-asar na biro ng tadhana.

Pagmulat niya ng mga mata, naririnig pa rin niya ang halakhak ni Lucille. Bumuntong-hininga siya upang mapalis ang mga tagpong ito sa kanyang utak. Pero sa halip na makaramdam ng kapayapaan, agad siyang inusig ng konsyensya.

Kahit na medyo kulang si Angelo sa departamento

ng pagtawag at pagsulat sa kanya, he was still her official boyfriend. She was being unfair. Hindi siya dapat lumabas kasama ni Dexter.

Bumangon siya at kinuha ang isang phonecard sa drawer ng mesita. Matapos hinalughog niya ang bag, kung saan naroon ang kanyang cellphone. Kapagkuwan ay bumalik siya sa kama, sumandal sa headboard at nagsimulang i-dial ang numero ni Angel.

Nakarinig siya ng malakas na musika, tunog ng mga tambol, at boses ng ilang tao, bago naulinigan sa receiver ang boses ni Angelo.

“Um... hello,” bati nitong medyo distracted.

“Angel, it’s me.”

“Oh hello, sunshine!” Biglang naging masaya ang tinig nito. Gamit nito ang palayaw sa kanya. Nagtaka siya dahil parang eksaherado ang dating nito. Matapos, nakarinig siya ng kung anong static, na para bang ina-adjust nito ang cellphone.

“Hello, are you still there?” aniya.

Biglang nawala ang background noise. “Yup, I’m still here.”

“Nasaan ka? Sino ’yung mga boses na naririnig

ko?”

“Ah, eh, wala. N-nasa party lang ako ng pinsan ko.”

Magsasalita sana siya, nang makarinig ng matinis na boses sa background. Parang tinakluban ni Angelo ang receiver at wala siyang narinig nang ilang segundo. Napakunot ang noo niya.

“Angelo, what’s going on?” *Was that another girl in the background?* naisip niya. Nagkibit siya ng balikat. Masyado lang siyang paranoid dahil siya mismo, mayroong ginagawang hindi maganda.

It took sometime for him to respond. “Um, sorry, sunshine. Ang kulit kasi ng birthday girl. Pinapakanta ako sa karaoke. Remember, si Darlene?”

Agad naman niyang tinanggap ang paliwanag nito. Miyembro si Angelo ng rock band kaya hindi nakakapagtaka ang request na ito ni Darlene. “Kamusta ka na? It’s been a long time since we’ve talked. Sabi ko naman sa iyo, sulatan mo ako.”

Isang malalim na buntong-hininga ang kanyang narinig. “You know I’m not the writing type, Doreen.”

Alam nga niya iyon, matagal na. Sa tatlong taon nila, mabibilang sa isang kamay ang mga notes

nito sa kanya. But somehow, she still could not help feeling disappointed. Dati, it did not matter dahil parati naman silang nagkikita. She did not need love letters then.

Pero ngayong malayo sila sa isa't isa, a part of her heart wished Angelo had the desire to connect with her. "Madali lang naman ang mag-email," simula niya. "You can—"

"Doreen, nag-uusap naman tayo sa phone. And I swear to you, I always think about you. Ikaw ang inspirasyon ko. That should be enough."

Oh, but it's not! naisip niya. Pero hindi na niya iyon sinabi nang malakas. Bibihira rin lang sila makapag-usap sa phone. Tuwing off lang niya. But she did not want to fight with him anymore. Their last few conversations, wala na lang silang ginawa kundi magtampuhan dahil sa isyung ito. So she backed down and dropped it. "Okay. Kamusta ang banda? Saan ang latest gig ninyo?"

"Hindi ko alam ang latest sched. Hindi ko natanong ang band manager na siyang may hawak niyon," turan nito.

Natahimik si Doreen. Ano pa ba ang sasabihin niya? "I hope you have thirty minutes to spare.

Ubusin natin itong phone card ko. Sayang naman kung ibaba natin agad. There won't be any money left to make another call," aniya.

"Fine."

Agad niyang pinagsisihan ang kanyang request dahil para silang mga robot na walang ibang magawa kundi matabang na magkamustahan. There was no fire. No enthusiasm. At parang wala rin silang matinong mapag-usapan kundi kababawan. Kulang na lang ay hingahan nila ang isa't isa. Nalungkot si Doreen at napabuntong-hininga, because she had never felt so disconnected from Angel.

Natunugan nito ang nararamdaman niya. "Hey, sunshine, don't be sad," biglang lambing nito.

Nabuhayan siya. Hindi naman pala talaga manhid si Angelo. Hindi nga lang siguro ito iyong tipo ng tao na mahilig magsulat o makipag-telebabad. And that was not his fault. Ang importante, tuwing magkasama sila, he was very attentive to her. Iyon nga lang, bihira silang magkasama ngayon.

She consoled herself with the thought: absence makes the heart grow fonder. Hindi naman siya nito binibigyan ng dahilan para magduda sa alay nitong pagmamahal.

“It’s just that I really miss you, Angel,” daing niya.

“And I miss you too, baby,” he crooned. “Don’t ever doubt that.”

Napalagay bigla ang loob ni Doreen. Lahat ng hinanakit para sa nobyo ay biglang napawi mula sa kanyang dibdib. She told herself, she was being overly sensitive.

Kahit noon pa man, hindi na palasalita si Angelo kaya mali para sa kanya ang mag-expect. Kung mahal niya ito, she should accept him for that. He made up for this through other ways like what he was doing now.

“Salamat,” taos-pusong sabi niya. “You made my morning.”

Pero bago ito makasagot, biglang lumutang sa linya ang automated one-minute disconnection warning ng phonecard.

“Bad timing huh?” anito.

“Super.”

“I’ll try to email you.”

Pumalakpak ang tainga niya. “Thanks again,

Angel. I love you.”

Subalit hindi na ito nakasagot dahil tuluyan nang naputol ang linya. Pero hindi naman siya nalungkot. She did not need to hear him say the words. Sa puso niya, sigurado siyang mahal din siya nito. At that moment, she firmed up her resolve never to see Dax again.

Kaya nang tawagan siya ni Dexter matapos ang tanghalian at yayain siyang mag-coffee, she made up some flimsy excuse not to see him. Sinimangutan pa nga siya ni Lucille, pero wala itong ibang magawa para mapagbago ang kanyang isip.